# Pag-ibig

## Apo Hiking Society

No'ng tangan ng nanay
Ang munti mong mga kamay
Ika'y tuwang-tuwa
Panatag ang loob sa damdaming
Ika'y mahalNo'ng nakilala mo ang una mong sinta
Umapaw ang saya at siya'y ibang-iba
Sinasamsam ang bawat gunitaChorusHindi mo malimutan kung kailan
Nagsimulang matuto kung papaanong magmahal
At di mo malimutan kung kailan mo natikman
Ang una mong halik
Yakap na napakahigpit
Pag-ibig na tunay hanggang langitNo'ng tayo'y nagkakilala ng hindi sinasadya
Ikaw lang ang napansin
Nahuli sa isang tingin
At sa pagbati mong napakalambingHindi ko malimutan kung kailan
Nagsimulang matutung ikaw lang ang mahalin
At di ko malimutan kung kailan ko natikman
Ang tamis ng iyong halik
Yakap na napakahigpit
Pag-ibig mong tunay hanggang langitHindi mo malimutan kung kailan
Nagsimulang matutung ikaw lang ang mahalin
At di ko malimutan kung kailan ko natikman
Ang tamis ng iyong halik
Yakap na napakahigpit
Pag-ibig mong tunay hanggang langit

Lyrics provided by
https://damnlyrics.com/